Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 13, 2015 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Enrico C. Villas | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Tulay M. Caring | - | IPs Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | Konsehal – **O.B.** |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- **Sick Leave** |

x-----------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 15-08-101

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO SA PAGYAO NG NAMAYAPANG SANNY O. MADRA, DATING PUNONG BARANGAY NG BARANGAY NASUCOB AT DATING MIYEMBRO NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO**

**"SAPAGKAT,** noong malungkot na araw ng Sabado, ika-8 ng Agosto, 2015, si G. Sanny O. Madra, dating Punong Barangay ng Nasucob at dating miyembro ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay sumakabilang buhay sa edad na 58 taong gulang dahil sa malubhang sakit;

**"SAPAGKAT,** si Kapitan at Konsehal Sanny O. Madra ay nagtaglay ng ibat-ibang positibong katangian tulad ng pagiging magaling sa pamiminuno, sensitibo at bukas sa mga pangangailangan ng kapwa at aktibo at alerto sa mga programang ipinapatupad sa kapaligiran na siyang nagtulak sa kanya upang siya ay mapatampok sa ibat-ibang larangan lalung-lalo na sa larangan ng serbisyo publiko;

**"SAPAGKAT,** si G. Sanny O. Madra ay nagsilbi sa Barangay Nasucob bilang Punong Barangay ng mahabang panahon na kung saan siya ay nanguna sa pagtataguyod ng mga proyektong pangkaunlaran na nagdulot ng katahimikan at kaginhawahan sa kanyang mga kabarangay;

**"SAPAGKAT,** si Konsehal Madra ay nagsilbing miyembro ng Sangguniang Bayan sa loob ng tatlong (3) taon at naging Tserman ng mga Lupon ng Karapatang Pantao at Pagawaing Pambayan at sa kanyang panunungkulan, sinikap niyang maisagawa ang mga proyektong pinakinabangan ng mamamayan, mga programang pangkabuhayan tungo sa kaunlaran at kasaganaan ng bawat tao;

CamScanner

**"SAPAGKAT,** ang matibay at payak na pamilya ni Konsehal Madra ay nabiyayaan ng walong (8) anak na sa pamamagitan ng tulong-tulong na pagsisikap at pagpupunyagi ng bawat isa ay nakapagtapos ng pag-aaral at ang ilan sa kanila ay masayang namumuhay kapiling ang kanilang mga nabuong pamilya at ang iba ay masayang naghahanap-buhay sa mga napiling larangan o propesyon;

**"SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa kanyang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan na nagdulot ng masidhing kalungkutan at pighati, subalit, kaligayahan na rin at tagumpay para sa isang mabuting tao ang kaisipang siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng Poong Maykapal; **kung kaya't dahil dito**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro sa pagyao ng namayapang Sanny O. Madra, dating Punong Barangay ng Barangay Nasucob at dating miyembro ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal German S. Acosta, pinangalawahan ni Konsehal Gideon B. Abuel at Konsehal Ramon G. Magbanua, ang kapasyahang ito ay ...

**PINAGTIBAY":** Agosto 13, 2015, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

**GERMAN S. ACOSTA**
Konsehal

**GIDEON B. ABUEL**
Konsehal

**EDWIN C. ACERON**
Konsehal

**DEXTER R. GONZALES**
Konsehal

**DENNES M. FANER**
Konsehal

**RAMON G. MAGBANUA**
Konsehal

**ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Brgy

**TULAY M. CARING**
IPs Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 8-14-15

CamScanner